



*Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California  
Libreng tawag (800) 776-5746*

# Iyong mga Karapatan sa Pagpapayo sa mga Pagpipilian at Pagpapaplano sa Paglabas sa ilalim ng Pangkat ng Pinakamababang Datos (MDS, Minimum Data Set) 3.0 Seksyon Q

---

*Mayo 2016, Lat. #5497.08 - Tagalog*

## **Mga Kinakailangan sa Pagtatasa ng MDS**

Lahat ng mga pasilidad ng pangangalaga na tumatanggap ng pagpopondong Medicare o Medicaid ay dapat na magsagawa ng pagtatasang MDS sa lahat ng residente ng Pasilidad ng Pangangalaga (NF, Nursing Facility). Ang MDS ay ginagamit upang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga kakayahan ng paggana ng residente, pagtukoy sa mga problema sa kalusugan at upang makatulong sa pagbuo ng plano ng indibidwal na pangangalaga, kasama na ang pagpaplano sa paglabas.

Ang buong pagtatasang MDS ay dapat na isagawa nang hindi bababa sa 14 na araw mula sa araw ng pagpasok, kapag nagkaroon ng pagbabago sa pisikal at pang-kaisipang kondisyon ng residente, at ang mas maikling bersyon ay isinasagawa tuwing ikatlong buwan. Ang MDS, Seksyon Q ay kinakailangan na isagawa sa bawat pagtatasa (ibig sabihin, tuwing ikatlong buwan).

Ang pagpaplano ng paglabas ay tinutukoy bilang ang Seksyon Q (bahagi) ng proseso ng MDS na pagtatasa. **Inaatas ng MDS Seksyon Q sa mga pasilidad ng pangangalaga na tanungin ang mga residente kung interesado silang lumipat sa isang komunidad.**

**Kung ang sagot ay oo (ibig sabihin, nais ng residente ng karagdagang impormasyon tungkol sa paglipat sa komunidad), ang NF ay kinakailangan na isangguni ang residente sa isang Lokal na Ahensiya ng Pakikipag-ugnayan (LCA, Local Contact Agency) sa loob ng 10 araw.**

Kung ang residente ay interesado na lumipat sa komunidad, ang tugon sa pagtatasang MDS ay kinakailangang itala sa plano ng pangangalaga, at ang pagpaplano ng pangangalaga ay dapat na simulan upang matasa ang posibleng paglipat sa komunidad. Karaniwang nangangahulugan ito ng pagbisita ng NF na manggagawang panlipunan o tagaplano ng paglabas upang talakayin ang mga opsyon sa pagpaplano sa paglabas sa hinaharap at pamumuhay sa komunidad.

### **Lokal na Ahensiya ng Pakikipag-ugnayan**

Kapag nagawa na ang pagsasangguni sa LCA, ang LCA ay responsable sa pakikipag-ugnayan sa residente ng NF at pakikipag-usap sa residente tungkol sa pagpaplano ng paglabas at mga serbisyo upang magawa ng indibidwal na manirahan sa komunidad nang may suporta at mga serbisyo. Maraming mga residente ang maaaring makabalik sa komunidad nang may suporta at mga serbisyo. Ang LCA at NF ay responsable sa pakikipagtulungan upang tulungan ang paglipat ng residente sa komunidad, sinuman ang kayang gawin ito. Maaari kang makipag-ugnayan sa LCA sa inyong lugar sa pamamagitan ng pagtawag sa Kagawaran ng mga Serbisyo ng Pangangalaga ng Kalusugan ng California (California Department of Health Care Services) sa mga numerong nakalista sa ibaba o sa pamamagitan ng pagbisita sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/MDS3,SectionQ.aspx>.

### **Paano makakakuha ng impormasyon tungkol sa aking Pagtatasang MDS, Seksyon Q**

Maaari kang makipag-usap sa NF na manggagawang panlipunan na nakatalaga sa iyo para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung kailan magaganap ang susunod na pagtatasang MDS, Seksyon Q at

upang alamin kung ang NF ay may tamang impormasyon tungkol sa iyong interes na lumipat sa komunidad, sa iyong pagtatasang MDS, Seksyon Q.

### **Ano ang gagawin kung hindi ka bigyan ng akses sa impormasyon sa MDS, Seksyon Q at Pagpaplano ng Paglabas**

Kung hindi ka bigyan ng pasilidad ng impormasyon tungkol sa pagtatasang MDS, Seksyon Q, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na Ombudsman sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-231-4024**. Ang Ombudsman ay tumatanggap ng mga tawag at nagsasangguni ng mga reklamo mula sa mga residente 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Kung hindi malutas ng Ombudsman ang iyong problema, maaari kang tumawag sa Kagawaran ng mga Serbisyo ng Kalusugan (Department of Health Services) sa 213-351-8271.

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng mga Serbisyo ng Pangangalaga ng Kalusugan ng California, sa (916) 558-1770 o, Disability Rights California sa 1-800-776-5746.

Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa MDS Seksyon Q sa: <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/549601.pdf>

[Nais ka naming pakinggan! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga lathala at ipaalam sa amin kung ano ang lagay ng aming serbisyo!https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wDPzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1](https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wDPzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1)

*Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba't ibang mga pinagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*